Dapat kayong kumuha ng COVID-19 test kung:

- Mayroon kayong mga bagong sintomas gaya ng pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan/katawan, ubo, lagnat, pananakit ng lalamunan, at/o baradong ilong.
- Mayroon kayong mga sintomas at nasa panganib ng malubhang sakit dahil sa iba pang mga medikal na kondisyon, edad, o mayroong compromised immune system. Maaari kayong kwalipikado para sa paggamot para mabawasan ang inyong panganib sa malubhang sakit.

Isaalang-alang ang pagpapasuri kung:

Mayroon kayong napag-alamang pagkakalantad sa isang taong may COVID sa 2-5 araw na ang nakaraan, lalo na kung kayo ay hindi nabakunahan.

Dahil sa masyadong nakakahawa ang Omicron variant, kung kayo ay may mga sintomas ng COVID-19 at hindi makapagpasuri:

- Ipalagay na kayo ay may COVID-19 at sundin ang mga patnubay sa pagbubukod.
- Kung ang mga miyembro ng inyong sambahayan ay may parehong sintomas, at hindi bababa sa isa sa kanila ay nasuring positibo sa COVID-19, maaari niyong ipalagay na lahat ng miyembro ay may COVID-19.

Huwag kumuha ng PCR test kung:

- Nasuri kayong positibo sa huling 90 araw.
- Nasuri na kayong positibo gamit ang rapid home test.
- Kailangan ninyo ng negatibong pagsusuri para tapusin nang maaga ang pagbubukod (para diyan, gumamit ng rapid home/antigen test).



Mangyaring huwag pumunta sa Emergency Room kung kailangan LAMANG ninyo ng COVID-19 test.

Santa Clara County PUBLIC HEALTH

sccFreeTest.org